# BC PharmaCare
## Contraceptives

Binabayaran ng PharmaCare ang buong gastos ng de-resetang contraceptives para sa sinumang B.C. resident na may Personal Health Number. Ang iyong Personal Health Number ay mahahanap sa iyong driver's licence, BC Services Card, o CareCard.

Hindi mo kailangang magrehistro para sa coverage at hindi mo kailangang punan ang anumang forms.

### Contraceptives na sakop ng PharmaCare

- Karamihan ng mga de-resetang contraceptive pills
- Intrauterine devices (IUDs)—hormonal at copper
- Hormonal implant
- Hormonal vaginal ring
- Contraceptive injection
- Emergency contraception (hindi nangangailangan ng reseta)

### Paano ito gumagana

**1. Ang reseta**

Kumuha ng reseta mula sa isang pharmacist, doktor, nurse practitioner, o midwife. Humingi ng reseta na buong sinasakop ng PharmaCare.

- Kung mayroon kang resetang hindi sinasakop ng PharmaCare, o bahagi lamang ang sinasakop nito, tanungin ang pharmacist kung mapapalitan niya ito ng katulad na contraceptive na libre
- Kung nais mong lumipat sa ibang klaseng contraception, halimbawa, sa IUD sa halip na gumamit ng pill, kausapin ang isang pharmacist, doktor, nurse practitioner, o midwife
- Hindi mo kailangan ng reseta para sa emergency contraception. Tanungin ang pharmacist kung paano makakakuha ng libreng emergency contraceptives

**2. Ipakita ang reseta sa pharmacy**

Ipakita ang reseta sa anumang community pharmacy at ibigay ang iyong Personal Health Number.

- Kung binigyan ka ng reseta para sa isang IUD o implant, kailangan mong bisitahin ang isang opisina o clinic ng doktor para maipasok ito. Maaaring ibigay ng mga pharmacist ang hormonal contraceptive na iniksyon

**3. Walang babayaran**

Libre ang pag-fill ng pharmacist sa iyong reseta. Hindi ka maaaring singilin ng isang fee para sa pag-dispense, sa assessment, o anumang ibang kilos na may kinalaman sa pag-fill ng reseta.

### Para sa karagdagang impormasyon

Tawagan kami Lunes hanggang Biyernes, 8 am—8 pm at Sabado 8 am—4 pm

- mula sa Lower Mainland: 604-683-7151
- mula sa ibang bahagi ng B.C., toll-free: 1-800-663-7100

### Online resources

- Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa PharmaCare coverage ng contraceptives: www.gov.bc.ca/contraceptives